**Liham A**

Sa mga minamahal na martir at bayani ng Batas Militar:

Kumusta? Hiling kong nasa ligtas po kayong kalagayan. Ako po si Andy, isang mag-aaral ng Araling Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Sumusulat po ako upang ipaabot, unang-una sa lahat, ang aking lubos na pasasalamat sa inyong pag-iral bilang mga taong may tapang at tikas sa pagtindig na tumugon sa panahong kinakailangan ang makamasang pagpapasya. Nagpapasalamat po ako sa inyong pagsusumikap na magmulat, mag-organisa, at magpakilos ng malawak na hanay ng puwersa mula sa iba't ibang sektor ng lipunan.

Isa po ako sa mga natuto at patuloy na nag-aaral tungkol sa Batas Militar. Bilang isang anak na nagmumula sa pamilya ng magsasaka at manggagawa, ang mga itinatambad na bilang ng pananakit, pagdakip, at pamamaslang sa nasabing panahon ay tunay na kahindik-hindik at hindi kailanman masusuklian ng anumang uri ng romantisasyon mula sa mga nakaupong politiko na silang nagpasinaya ng lahat. Hindi kailanman mapapatawad ang kanilang pagmamasaker sa ating bayan.

Sa kasalukuyan, batid nating lahat na iniluwal muli ng palpak na sistemang elektoral ang isang nakababastos na resulta: ang pagbabalik sa palasyo ng pamilyang Marcos na nagpasimuno ng malagim na bahagi ng ating kasaysayan. Sa bahaging ito ay nais ko pong humingi ng paumanhin sapagkat nabigo ang aming henerasyon na maisakatuparan ang mas masigasig at puspusang pagpapalawig ng katotohanang pilit na binabaluktot ng mga ganid na kaaway. Bigo kami na mas mapaigting pa ang kampanya para sa nasyunalistiko, siyentipiko, at makamasang tipo ng edukasyon, kasama ang masa.

Malupit ang puwersang taglay ng mga kaaway. Subalit ang inyong pagkamakabayan ay nagturo sa amin ng praktika ng pananatili at pagpapatuloy. Itinuro ninyo sa amin ang pagdurugtong sa pintig ng sama-samang pakikibaka upang sagipin ang kolektibong alaala na may misyong

singilin ang mga nagkasala at patuloy na kumukulapol sa ating bansa—silang mga mamamatay-taong politiko, ang dambuhalang panginoong maylupa, at mga kapitalistang ang interes lamang ay umiinog sa makasariling pagkamal ng kita.

Nakapapagod, subalit mananatili.

Nakapapagod, subalit magpapatuloy.

Kaya mataas na pagpupugay, lagi't lagi, para sa inyong mga ina, ama, anak, kabataan, magsasaka, manggagawa, kaibigan, kasama, at rebolusyonaryo. Mahal na mahal namin kayo. Mabuhay!

Padayon sa paglambo,

Andy

**Liham B**

Minamahal naming mga martir at bayani na lumaban sa diktadura,

Una at higit sa lahat, pagpupugay at lubos akong nagpapasalamat sa kabayanihang inyong ipinakita para sa ating bayan. Ang inyong kadakilaan ay patuloy na nagsisilbing inspirasyon namin para magpatuloy na lumaban at humingi ng hustisya. Ngayon na inaalala namin ang ikalimang dekada mula nang ipatupad ang marahas na Batas Militar sa ating bansa. Limang dekada mula nang gamitin ng dinastiyang Marcos ang kanilang mga posisyon upang maghari-harian gamit ang kaban ng bayan. Limang dekada ng kawalan ng hustisya at laganap na karahasan na patuloy na naghahari hanggang ngayon. Limang dekada ng paghihirap ng sambayanan ngunit sa kabila ng lahat ng ito ay patuloy pa ring nagpapakasasa ang mga pasistang nagpapahirap sa atin. Kaya naman, asahan ninyong hindi namin hahayaang mapunta sa wala ang lahat ng inyong isinakripisyo. Kami naman ang susuong at makikibaka laban sa diktadura.

Ngayong nailuklok muli ang isa pang Marcos sa puwesto, hindi kami magpapadaig. Palalakasin pa namin ang aming pakikibaka at paiigtingin pa namin ang aming pagkalas sapagkat hindi lamang kawalan ng hustisya ang aming katunggali—kasama na sa aming papatalsikin ang patuloy na pagbabago ng kasaysayan na siyang nagtayo ng tulay upang muling makakuha ng kapangyarihan sa ating bansa ang mga diktador. Habang mas lumalakas ang kanilang pwersa, mas lumalakas din ang aming paglaban para sa katotohanan at pagwaksi sa mga hindi makataong propaganda ng administrasyon na ginamit laban sa mga katulad ninyo na walang hinangad kung hindi ang lumaya ang ating bansa sa kamay ng mga diktador na kagaya nila.

Bilang Konsiyensiya ng Bayan, hindi na kami papayag na magpatuloy ang kabalintunaan at kasakiman na ginawa ng mga mapang-abuso sa kapangyarihan. Kami ay titindig upang mapuksa ang mga huwad na parasitong nagtatago sa malinis na imahe tuwing halalan ngunit mga berdugo pala na ang tanging misyon lamang ay takpan ang mga mata at bibig ng

sambayanan habang kanilang patagong ipinupuslit ang ating mga yaman. Patutunayan namin na ang mga konseptong aming natututunan sa aming mga klase ay hindi lamang nakakulong sa mga papel. Hindi kami mananahimik kung bansa ang nahihirapan. Patuloy naming pagniningasin ang sulo ng katotohanan upang mapaso ang mga mapagsamantala at mapatalsik ang diktaduryang naghahari-harian sa ating lupang tinubuan.

Hinding-hindi na kami muling pipikit. Hinding-hindi makakalimot. Hinding-hindi magpapabulag sa kanilang mga mapanlinlang na salita at marahas na paggamit ng armadong puwersa upang patahimikin ang mga matatapang na kagaya ninyo na nakikipaglaban para sa karapatan nating mga mamamayan. Sama-sama kaming titindig at patuloy na susulong tungo sa katotohanan at mapagpalayang kinabukasan para sa lahat.

NEVER AGAIN. NEVER FORGET.

Muli, pagpupugay at pasasalamat sa mga bayani at martir na lumaban sa Batas Militar! Ang inyong pagmamahal sa ating bayan ay walang katulad. Ipinagmamalaki namin kayo.

Lubos na gumagalang,

Mag-aaral mula sa Agham Pampulitika

**Liham C**

Nais kong humingi ng paumanhin

Higit pa sa aking pasasalamat sa inyong sakripisyo

At sa aking paghanga sa inyong kagitingan

Upang ipaglaban ang kalayaan ng ating bayan

Nais kong humingi ng paumanhin

Para sa mga nakakalimot at nalimutan

Sa mga pangyayaring nabura sa kanilang mga kaisipan

Sa mga nalimutang pang-aabuso sa inyong karapatan

Nais kong humingi ng paumanhin

Para sa katotohanang pinapalitan ng kasinungalingan

Sa mga kasalanang ngayo'y tinatanaw bilang kabayanihan

Sa inyong kabayanihang ngayo'y pagtanaw bilang kasalanan

Nais kong humingi ng paumanhin

Para sa muling pagbalik ng kadiliman

Sa pagpapaupo ng anak ng diktador sa Malacañang

Sa kanilang pagbura ng inyong mga ipinaglaban

Higit sa lahat, nais kong humingi ng paumanhin

Sapagkat ang takot at kaba ang nangingibabaw

At ako’y isa sa mga nanghina ang kalooban

Upang ipaglaban ang ating Inang Bayan

Kurt

**Liham D**

Para kay Ginoong Primitivo Mijares:

Maraming salamat sa pagpapamalas ng kung ano ang tunay na kahulugan ng paninindigan. Kung tutuusin ay maaari mong piliin ang buhay na komportable at marangya ngunit siguro nga'y para sa iyo, ang buhay ay higit pa sa mga bagay na iyon. Salamat sa pagpili sa pagmamahal na hindi makasarili kahit masalimuot ang naging kapalit. Sa pamamagitan mo at ng marami pang buhay na piniling mas maging tapat sa bayan kaysa sarili, nailalahad ang katotohanan. Ito ang katotohanan ng ating nakaraan at ang katotohanang patuloy na huhulma sa aming kinabukasan.

Hiling ko ang kapanatagan para sa iyo at sa iyong pamilya. Hayaang kami naman ngayon ang lumaban at subukin ang katapatan. Alam kong hindi ito magiging madali ngunit bitbit ko ang aral at pag-asang iyong iniwan. Sapat na muna ito upang ipagpatuloy ang laban kung malayo pa ang inaasam na panalo at katapusan.

Muli, ang aking pagsaludo at pasasalamat! Para sa akin, mananatili kang buhay at bahagi ng mga dahilan sa aking patuloy na pangangarap para sa maunlad at makatarungang Pilipinas.

Isang Mag-aaral ng PS 21

**Liham E**

Taas-kamaong pagpupugay!

Sa aming pag-alala sa karahasang inyong dinanas noong panahon ng Batas Militar sa ilalim ng diktaduryang Marcos, nais din naming isabuhay ang maalab na pakikibakang naganap at patuloy na nagaganap mula noon hanggang ngayon.

Ngayong ika-50 anibersaryo na nang idineklara ni Marcos Sr. ang Batas Militar sa bansa, nabawing muli ng isang Marcos ang poder, at may katambal pa itong isang Duterte—parehong pasista, tuta, at diktador. Mula rito, kinakaharap ng mamamayang Pilipino ang kaliwa't kanang krisis. Mabilis na bumaba ang halaga ng piso, mabilis na tumataas ang presyo ng mga bilihin, at sunud-sunod din ang pagpa-party ni Marcos Jr. habang naiiwang nababalisa ang kaniyang mga pinangakuan ng isang "pagbabago".

Ngunit nagpapatuloy at magpapatuloy ang kolektibong pagkilos ng sambayanang Pilipino laban sa diktadurya, at para sa katotohanan, hustisya, demokrasya, at tunay na kalayaan. Hinding-hindi masasayang ang libu-libong nagdanak ng dugo sa ilalim ng tiraniya ni Marcos Sr., bagkus ay patuloy na pag-aalabin ang diwang makabayan sa puso ng taumbayang lumalaban para sa tunay na pagbabagong panlipunan.

Isang Iskolar ng Bayan

**Liham F**

Para sa aking kapatid at kapwa mag-aaral na si Pastor Mesina,

Ngayon ay labis akong nababahala at nalulungkot, ang aking puso ay lubos na naghihinagpis dahil tila binalewala ng sambayanang Pilipino ang iyong dugong dumanak at buhay na nasawi, na siyang naging mitsa ng apoy ng nasyunalismo at aktibismo sa ating unibersidad.

Inihihingi ko ng tawad at buong pagpapakumbaba kong inaamin sa iyo na bilang kapwa mo mag-aaral sa Unibersidad ay nagkulang ako sa masinsinang pagpapaliwanag kung bakit makatuwiran lamang ang pagtawag ng atensiyon ng kinauukulan lalo pa at mayroon nang pagmamalabis at pagyurak karapatang pantao. Patawarin mo ako, Pastor, kung hindi ko nagawang ipaliwanag nang mabuti sa aking pamilya at ilang kaanak ang dumi ng gobyernong umiiral habang naghahari ang mga magnanakaw. Patawad kung hindi ko sila nagawang kumbinsihin, na kapag nasimulan ng isang tiwali ang pamamalakad, ay hahawaan niya ang mga nasa mas mababang posisyon, at ang mga pinakaapektado ay ang karaniwang Pilipino, na siyang nagpapasahod sa kanila.

Sisikapin kong sa abot ng makakaya ko ay gagamitin ko ang aking talino, talento, at lakas, upang mas mapag-igting pa ang pagbabantay at pagtuligsa sa malalang isyu ng pagnanakaw at korapsiyon dito sa ating Inang Bayan. Makaaasa kang ang aking mga talento sa musika ay aking gagamitin sa makatao at maka-Diyos na hangarin lamang, na naglalayong panaigin ang hustisya at katarungan para sa kapakanan ng nakararami.

Sumasayo,

Patrick

**Liham G**

Mahal kong mga bayani,

Kumusta na kayo? Ang madilim na imahen ba ng kahapon ay inyo pa ring nasisilayan? Ang mga tinig ng pag-aalsa at paghihinagpis ay umaalingawngaw pa rin ba sa inyong mga tenga? At ang damdaming sumisigaw ng demokrasya ay patuloy pa rin bang nag-aalab sa inyong mga puso't kaluluwa?

Limampung taon na ang nakalilipas nang nakawala ang bansang Pilipinas sa kamay ng isang makapangyarihang diktador at magnanakaw. Ang mga panahong ito ay punung-puno ng sakit, hirap, at hinagpis, ngunit sa kabila nito, mayroong mga taong nagsilbing liwanag at pag-asa sa kadilimang bumabalot sa mahal nating bayang sinilangan. At kayo iyon, mga mahal kong bayani.

Ang salitang salamat ay hindi sapat upang matumbasan ang inyong buhay na inialay para sa amin. Ang demokrasyang aming natatamasa sa kasalukuyan ay bunga ng inyong pag-aaklas at pakikibaka sa gitna ng lansangan. Bawat sigaw ninyo'y nanggising sa natutulog na nasyonalismo ng ating mga kapwa Pilipino. At ang kwento ng bawat isa sa inyo ang nagsisilbing malalim na pilat, na kailanma'y hinding hindi na mabubura sa kasaysayan ng ating pagka-Pilipino at ng bansang Pilipinas.

Gaano man kalalim ang pilat na dala ng martial law, nakalulungkot isipin na mayroong mga taong pilit itong tinatapalan sa pamamagitan ng fake news, pagmamanipula sa kasaysayan ng mga taong makapangyarihan at nasa posisyon. Pilit mang tapalan ng mga makapangyarihan at mapang-abuso ang pilat ng ating kasaysayan, tandaang ito'y patuloy na mananatili. Kailanma'y hindi ito mabubura ng fake news at ng mga nasa posisyon. Darating ang panahon na ang mga tapal na inilagay dito ay unti-unting maglalaglagan at maglalaho, hanggang ang pilat na pilit itinatago ay makikita ng taumbayan.

Ang pagtayo sa lansangan, pagtutulungan, pakikibaka, pagdadamayan, at pagmamahal, hindi sa sarili, ngunit sa kapwa at bansa, ang magsisilbing susi upang mamulat sa realidad at katotohanan ang mga Pilipino. At mula rito'y sabay-sabay ipagpapatuloy at tatapusin ang laban na inyong sinimulan.

Nagmamahal at sumasaludo,

Andrea

**Liham H**

Ika-23 ng Setyembre, 2022

Sa minamahal naming martir, militante, at bayani ng bayan,

Bagaman batid ko na hindi sapat ang salitang salamat upang bigyang pagpupugay ang iyong kabayanihan, nawa'y tanggapin ang hinabing liham bilang pagsaludo sa iyong kadakilaan.

Ang iyong kuwento at pakikibaka sa panahon ng batas militar ay nagmistulang punyal na unti-unting bumabaon sa kaibutura't diwa ng masang Pilipino. Ang talim nito'y dahan-dahang tumutusok o di kaya'y humihiwa sa aming kamalayan at nag-iiwan ng marka – bakas na nakapagpapamulat!

Subalit, sa muling pagkakaluklok sa trono ng anak ng tuta, diktador, at pasista, ang inyong itinataas at isinasamong ngala'y minantsahan ng dumi ng mga panatiko't loyalista ng Poong nagbabalat-kayo. Pinaniwala nitong pulpol-itiko ang nakararami sa pamamagitan ng mga bogus na pangakong kailanma'y hindi naman tutupdin.

Hiling ko ang kapatawaran, sinubukan naming kabigin ang mga kababayan, higit na ang mga nasa laylayan at yaong madaling paikutin ng kalaban. Hindi namin lubos na nahikayat ang lahat na pumanig sa katotohanan. Mas nanaig ang kasamaan at kasinungalingan. Tunay na mapait ang sinapit nitong halalan.

Ngunit, pangako ko na hindi rito magtatapos ang lahat, sapagkat mula sa aming pagkadapa't pagkatalo, isisilang ang kilusang makapagpapalaya sa tanan. Kung kaya't patuloy kong ikakampanya ang kolektibong pagkilos at pagbasura sa bulok na kaisipang pilit ipinupukol ng mga naghahari-harian.

Nawa'y sa pagsibol ng bukang-liwayway, mahubog mula sa amin ang isang katulad mo, ang bagong henerasyong "pag-asa" – na may kakayahang lumaban at ialay ang buhay at sarili para

sa bayan. Sa gayon, buong pagmamalaki naming matumbasan ang sakripisyo mo, sampu ng iba pang mga bayani, at magkaroon ng kabuluhan ang himagsikan ng kahapon at kasalukuyan.

Dalangin ko ang iyong mapayapang pamumuhay kasama ng Maykapal! Nawa'y parati ninyo kaming gabayan.

Muli, maraming salamat at taas-kamaong pagpupugay! Abante, Babae! Paglingkuran ang Sambayanan!

Gumagalang,

Lodi

**Liham I**

Para sa mga rebolusyonaryong martyr,

Isang taas-kamaong pagpupugay at pasasalamat sa inyo! Higit pa sa mga kuwentong narinig namin ang inyong kadakilaan at katapangan.

Sa mga nangyayari sa kasalukuyang panahon, nais ko tuloy itanong sa inyo kung ano ang naramdaman ninyo, kung nagpupuyos din ba kayo sa galit at pagkabigo, o magiging mahinahon at isasalin ang galit patungong kadasig para magpatuloy?

Kung ako ang pangutan-on? Dili naku ikatago nga tulo ang akong mga luha, dili lang isa o duha apan dili naku maihap, pamatuod nga nasubo ko ug maayo. Sa akong huna-huna, mas mograbe na pod ang militarisasyon sa among komunidad, ang pagpatay sa among mga lider, pagkulong sa mga tigpanalipod sa yutang kabilin. Ug subo kaayu pamalandongon nga dili na maabli ang mga lumadnong eskwelahan. Sa akong huna-huna, nahadlok ko kay mas magkagrabe ang pagkaguba sa atong kinaiyahan. Magpadayon ang inhustisya sa atong katilingban.

Apan abi ninyo, gusto naku isulti sa inyo nga usa ka dako nga kadaugan ang mga lumadnong eskwelahan. Daghan kaayo ang ang kabataang lumad ang nakamao mag sulat, mubasa ug magkwenta, ug labaw sa tanan nakakat-on sa mga demokratikong katungod ug protektahan ang kinaiyahan gikan sa mga langyaw'ng minahan. Abi ninyo? Kabahin sa usa ka pinadaku nato nga kampanya sa Save Our Schools Network, nagpahigayon ta og Bakwit School sa Mindanao, Visayas ug diri sa Luzon. Usa kini sa pinakamadaugong kampanya kay daghan kaayo ang among nahimong boluntaryong mga magtutudlo, lahi-lahi ang maong lugar nga naabot, pasabot daghan kaayu mi ug naistoryahan sa among kahimtang.

Bisan ug nagkagrabe ang kapit-os sa sa kahimtang aduna gihapoy lahi-lahi nga pagsukol. Padayon gihapon ang pag-oragnisa ug pagpalihok sa dakong sa masa, mao man ang atong tumong diba? Ang mapukaw ang dakong posrsyento sa masa, masayos sila sa kahimtang sa

nasud nato ug maglihok at makigbisog sila aron pandayon ang katilingaban nga adunay pagkapatas.

Sama sa among mga nakat-unan sa inyo, nga bisan sa unsa nga porma sa pang-atake sa pasista nga estado, musukol gyud ang katawhan.

Magpasalig mi nga magpadayon mi!

Nahigugma,

Kat

**Liham I**

Mga iginagalang kong bayaning lumaban sa diktadurya,

Ilang dekada na pala ang lumipas mula noong ipinamalas ninyo ang inyong kagitingan at masidhing pagmamahal sa bayan, na kahit kabi-kabila ang banta sa inyong buhay ay hindi ninyo hinayaang mamayani ang mga elitistang tuta at naghaharing-uri sa ating lupang tinubuan. Kung iisipin, napakaraming rason para mabahag ang inyong mga buntot at hayaan na lamang mapasailalim ang estado sa mapang-alispustang kamay ng diktador. Ngunit hindi kayo nagpasindak sa mga matatalas na salita na binibitawan sa inyo ng mga taong may kapangyarihan at mas piniling tumindig at lumaban para sa kapakanan ng ating bayan at ng minorya.

Salamat sa pagpapaningas ng sulo ng katotohanan kahit na pilit itong inililibing para mapagtakpan ang kabuktutan ng sistema sa ilalim ng diktadurang Marcos. Salamat sa pagsasatinig ng mga puna na nakakulong lamang sa isip ng mga mamamayan na binabalot ng gimbal. Salamat sa pagsalo ng kalupitan ng mga naghahari-harian upang makamtan ang kalayaan, katotohanan, seguridad, at karapatan ng mga ordinaryong mamamayan. At salamat sa pagiging inspirasyon sa aming mga Iskolar ng Bayan na palaging pumanig sa kaliwanagan at kabutihan.

Nais ko ring humingi ng tawad dahil nasa kamay na naman ng isang Marcos ang ating kinabukasan. Patawad dahil parang isinantabi namin ang inyong pagsasakripisyo para makawala sa gapos ng diktadurya. Nabulag na naman ang karamihan sa amin at ang iba ay piniling magbulag-bulagan sa mga katotohanang inyong ikinintal sa aming isipan. Parang ibinalik na naman kami sa nakaraan; ngunit ang kaibahan ay hindi na namin kayo kasama sa panibagong yugto ng pakikibaka. Kung darating ang panahon na magkikita-kita tayong lahat muli, mapapatawad ninyo kaya ang ilan sa amin na tumaliwas sa ating adhikain na labanan ang mapagsamantalang nakaluklok sa puwesto?

Subalit, tinitiyak ko sa inyo na hindi ako magsasawang buklatin at halughugin ang katotohanan para maisiwalat na hindi totoo ang "golden age" sa diktaduryang Marcos, nang sa gayon ay mamulat na tayong lahat sa katotohanan at hindi sa mga nagbabalat-kayong teksto ng positibong pananaw sa batas militar.

Hindi pa rito natatapos ang ating laban dahil tatapusin namin ang inyong sinimulan. Pangako, hindi namin kayo bibiguin at pilit naming aabutin ang tunay na kalayaan. #NeverAgain #WeWillNever4get

Kziel

**Liham J**

Para kay Jose Burgos Jr.,

Ang malayang pamamahayag ay ibinubunsod ng mga mapagpalayang mamamahayag.

Sa gitna ng mga atake at nagbabadyang kapahamakan, hindi ka nagdalawang-isip na suungin ang lahat ng ito kahit pa ang kapalit ay kalayaan at kapayapaan ng iyong pamumuhay. Isa kang tunay na liwanag sa dilim, sapagkat ang ilaw mo ang gumabay at nagmulat sa mga nabubulag na sa kadiliman. Ang iyong bawat salita, parirala, pangungusap, at talata ay sandata para sa pagtatanggol ng demokrasya.

Ipinakita mo na tunay na may pangil ang peryodismo. Nangangagat ito, na parang isang lamok na kahit gaano kaliit ay nakapagdudulot pa rin ng sakit sa mga tunay na sakit ng lipunan. Nakalalason ito, na sa sobrang tapang ay pilit itong sinusupil upang hindi makapaminsala sa mga naglilinis-linisan. Ngunit sa lahat ng ito, ang pinakamasaklap na katotohanan ay nakamamatay ito. Oo, nakamamatay ang peryodismo, at marami na ang kinuhang kaluluwa nito.

Sa ngalan ng katotohanan at pag-ibig para sa bayan, ipinakita mong peryodista ka na may paninindigan. Sa kabila ng kaliwa't kanang media cronies na ginamit ng estado upang palaganapin ang kanilang propaganda, tumindig ka at hindi nagpatinag. Ang *Malaya* at *We Forum* ang naging testimonya ng iyong pagiging matapang at tunay na mamamahayag.

Ipinakita mo sa lahat na ang midya ay naglilingkod at sumasandig sa masa. Pinatunayan mong isa lang ang tunay at karapat-dapat na kinikilingan ng midya, at ito ay ang katotohanan. Ilang pag-aresto at pagkawalay sa pamilya rin ang iyong ininda sa ngalan ng paghahatid ng tunay na balita noong panahon ng diktadurya; ngunit hindi ka nagpatinag.

Salamat dahil naging modelo ka ng isang tunay na peryodistang humahanay sa interes ng masa.

Salamat dahil lumaban ka para sa isang malaya at mapagpalayang midya.

Salamat dahil tumindig ka bilang isang tunay at matapang na peryodista.

Sa lumalalang panahon ng disimpormasyon ngayon, mas kinakailangan namin ng marami pang tulad mong handang lumaban.

Limampung taon na ang lumipas, ngunit ang katagang "Ang malayang pamamahayag ay ibinubunsod ng mga mapagpalayang mamamahayag" ay totoo pa rin sa henerasyon namin ngayon.

Ginoong Burgos, salamat sa makabuluhang buhay na inilagi mo rito sa mundo. Patuloy ka sanang maging inspirasyon ng marami: taas-noo ka naming pinagpupugayan sa lahat ng iyong ginawa para sa masa at sa ting demokrasya.

Faith

**Liham K**

Para sa makakababasa ng liham na ito,

Kumusta po kayo? Hinihiling ko na kayo ay nasa mabuting kalagayan. Sana ay ligtas kayo mula sa anumang peligro.

Inaamin ako na lumaki ako sa pribilehiyo. Hindi man kami mayaman ay nakakamit namin ang pangangailangan. Nakakakain nang tatlong beses o mahigit pa sa isang araw, may malambot na kamang tinutulugan, at paminsan-minsan ay pinagbibigyan ang sarili sa mga luho. Nag-aaral ako sa institusyong tinitingala at nakakakuha ng kalidad na edukasyon nang libre.

Nabubuhay rin ako sa panahong malaya kahit papaano. Nabubuhay ako sa kalayaang ipinaglaban ninyo, sa kalayaang inalayan ninyo ng dugo, pawis, salita, at buhay. Salamat sa bawat araw na inyong tiniis sa kulungan at sa kung ano mang sakit na ibinigay nila sa inyo. Salamat sa bawat marka, pasa, gapos, at sugat na inyong dinadala sa mga masasakit na araw na iyon. Nagpapasalamat ako sa inyo dahil nararanasan ko ang pagkabata, kalayaan, at pangarap na isinuko ninyo para sa ating bayan.

Ngayong 2022 ay pumapatak na sa limampung taon mula ng idineklara ang Batas Militar. Isang madilim at madugong punto sa kasaysayan dahil sa kalayaang sinupil at mga buhay na kinitil. Madilim at madugo gaano man nila ito takpan ng disimpormasyon. Madilim at madugo kahit gaano pa kaganda ang mga imprastrakturang itininayo (na mula rin naman sa utang at sa kaban ng bayan).

Kasama ninyo ako sa hindi paglimot sa mga buhay na nawala nang panahong iyon. Inaalala namin kayo at ang inyong mga ginawa para sa bayan kahit gaano nila subukang pagtakpan o baluktutin ang katotohanan.

Kaakibat ng pasasalamat na ito ang aking paghingi ng tawad. Patawad dahil parang napunta sa wala ang lahat ng ipinaglaban ninyo. Ang buhay ng inyong mga kasamahan (na pilit nilang binabalewala) ay parang nasayang. Lahat ng inyong ginugol upang matiyak na ang mga Pilipino ay hindi na muling mabubuhay sa takot ng diktadurya ay parang nauwi sa wala, dahil parang bumalik tayo sa simula—sa madilim na punto ng kasaysayan (na pilit nilang nirerebisa).

Namanhid ako pagkatapos ng eleksiyon. Hindi ako umiyak. Nabalot ako ng pagkadismaya. Napagod. Iniisip ko kung ano pa ang punto ng pagtindig at paglaban. Nais ko lang naman ay isang maayos na kinabukasan na mararanasan ng bawat Pilipino. Isang gobyernong nais talagang maglingkod imbes na unahin ang interes ng naghaharing-uri. At sila pa ang nagmukhang masama. Bakit kung sino pa ang gustong maglingkod at tumulong ay siya pang itinuturing na kaaway?

Hinahanap ko pa rin ang rason upang lumaban pa rin. Iniisip ko ang katapangang araw-araw ninyong isinasabuhay. Upang magpatuloy pa rin. Upang maniwalang ang Pilipino ay dapat ipaglaban. Upang maniwala sa kinabukasang nais nating marating.

Sana ay mahanap ko ang rason at bumalik na ako sa aking pagtindig. Sana ay malagpasan ko na ang pagod. Sana ako ay maging kasing-tapang niyo.

Salamat sa pakikipaglaban. Salamat sa pagtindig. Salamat sa pagmamahal niyo sa bayan.

Sumasainyo nang buong puso,

Isang Mag-aaral ng PS 21

**Liham L**

Para sa mga huwarang di-pangkaraniwan na nag-alay ng buhay alang-alang sa sambayanan;

Para sa mga aping pesante at manggagawang nagkaisa sa makauring pakikibakang anti-diktadurya at mapagpalaya upang mabaklas ang tanikala ng isa't isa;

Para sa mga estudyante at intelektuwal na hindi nagpakipot sa panahon ng matinding panlipunang ligalig at sumanib sa makauring pakikibaka ng bayan;

Para sa lahat ng tunay, palaban, at makabayang anak at martir ng bayan sa panahon ng Batas Militar;

Walang hanggang taas-kamaong pagbati at pagpupugay sa inyong kadakilaan! Sadyang hindi matatawaran ang giting, dangal, husay, at dalisay ng pag-ibig ninyo sa bayan na siyang walang-kaduda-dudang naging instrumental sa pagpupunyagi laban sa kadiliman ng panahon ninyo. Malaki ang dapat ipagpasalamat sa inyo ng bayan mula sa inyong henerasyon hanggang sa kasalukuyan at susunod pang mga salinlahi sapagkat kahit ang Bundok Apo ay hindi malalamangan ang tayog ng inyong inialay sa sambayanan. Ang ala-ala ninyo ang magsisilbing tilamsik ng kasaysayang puno ng tunggalian na magpapaantig sa pagkatao ng bawat isa na makatuwiran ang mapagpunyagi, basta't malinaw kung para kanino ang pagpapanday ng makataong kinabukasan mula sa labi ng mapang-aping kaayusan.

Sa totoo lang, bagaman gagap ko naman sa personal na antas ang diwa ng kahanga-hanga ninyong mga kuwento at ehemplo, hindi ko masimulang maproseso kung paano kayo humugot ng lakas, kapasyahan, o kung ano mang puwersang nagtulak sa inyong ialay ang inyong buong panahon at buhay para sa iba. Talagang di-pangkaraniwan ang tipo ng giting na ipinamalas niyo upang sagupain ang atake ng kaaway. Lalo na at sobrang sahol at kasuklam-suklam ang inyong

pinagdaanan na tortyur at panggigipit sa ilalim ng kamay na bakal ng pasistang rehimen.

Ikaw, Liliosa, walang impyernong sasapat para sa mga halang na unipormadong mamamatay-taong nambugbog sa'yo at nagtulak sa katawan mo ng nakakamatay na asido.

Kasamang Bill, hindi siguro naging madali ang pagpapasyang bumalik at tumangan ng mas mataas na antas ng pakikibaka matapos kang ilegal na hulihin ng estado; subalit naantig ka pa rin sa paghihikahos ng taumbayan.

EdJop, harapang binastos ka ng pangulo at dalawang beses ka pang hinuli ng militar at tinortyur pero kailanman ay hindi natinag ang iyong mga prinsiyo, sa halip ay tumatag pa nga ang mga ito.

Wala rin sigurong papantay sa hinagpis na pinagdaanan mo bilang isang militanteng ina at anak ng bayan, Lorena Barros, sa kamay ng mga macho-piyudal na pasista. Pero kahit kailan, hindi mo iniwan ang kilusan ng mamamayang nakikibaka lalo na ang kapwa mo kababaihan.

At napakarami pang may mga kuwento ng paghihikahos bunga ng pasistang diktadurya. Hindi lang tinortyur. Hindi lang pinatay. Naging desaparecidos pa. Tumatatak agad sa isip ko ang Southern Tagalog 10.

Tumataas ang balahibo ko kada naririnig ko o nababasa ang mga kuwento ninyo. Nakatatakot. Nakababalisa. Hindi ko naman itinatanggi iyon. Sobrang hirap panghawakan ng prinsipyo kapag nababalahura ka ng takot. Nasubok na rin siguro ang inyong paninidigan ng mga pananakot, paniniktik, psy-war at tortyur ng mga galamay ng pasistang estado. At sa kabila noon, nagpatuloy kayo. Hindi kayo nagpagapi.

Ang internal ninyong pagpapasya ang nagdala sa inyo sa landas ng makauri, militante, makamasa, at anti-pasistang pakikibaka. Dumako kayo sa piling ng mga magsasaka at katutubong walang lupa, manggagawang dinadahas ang unyon, maralitang tagalungsod na

binaklas ang bahay, at iba pang sektor na tahasang pinahirapan at pinabayaan ng diktador alinsunod sa atrasadong sistemang pinangalagaan ng kaniyang pasistang pamamalakad.

Ngayong nahaharap muli ang bayan sa matinding krisis sa ilalim ng anak ng diktador bunga ng patuloy na pag-iral ng atrasadong sistemang nag-anak sa unang pasistang rehimeng Marcos, nahaharap din kami sa pagpapasyang hinarap ninyo. Para kanino ba namin iaalay ang buhay namin? Anong klaseng buhay ba ang aming tatahakin? Masisikmura ba namin ang komportableng buhay sa gitna ng pagpapaulan ng tingga sa labas ng apat na sulok ng aming komportableng mga bahay? Masisikmura ba naming mabura ng salinlahi ng mga pasista ang marangal ninyong kasaysayan ng pakikibaka para palayain sa pagkagapos ang sambayanan mula sa naghahari-harian? Matatanggap ba naming hindi mapanagot ang mga salarin ng nakaraan at kasalukuyan, kahit na malinaw pa rin ang mga saray ng masang kumakalampag para sa hustisya? Sa puno't dulo ng pagmumuni-muni sa mundong hinahati ng pandarahas ng tao sa tao, nakiisa ba kami sa pagbabago nito para sa ikabubuti ng marami?

Palagian naman ang tunggalian sa hanay naming kabataan. Likas sa uri namin ang dumating sa salubungan ng personal na ambisyong nakaugat sa panlipunang pamantayang nakaatas sa amin at sa kabilang banda, ang landas ng mga di-pangkaraniwan: ang pagbibigay ng buong sarili sa paglilingkod sa sambayanan. Mayroon naman talagang pipiliin ang daan tungo sa pansariling interes, at mayroon sa mga iyon ang lantaran pang magiging reaksiyunaryong kahanay ng mga pasista tulad ng mga Marcos. Subalit, panatag pa rin ako na mas marami, at sa pag-igting ng krisis, mas darami pa ang babalikwas mula sa amin at higit pa, sa iba't ibang mga aping saray ng lipunan. Sa kada oil price hike na hinahayaan nila, confidential funds na inilalaan sa panre-redtag at pambobomba sa kanayunan, pang-aagaw at pagpapalit-gamit ng lupa ng mga pesante at samu't sari pang mga atraso sa sambayanan, lalong nalalapit ang libing ng mga tiraniko tulad ng mga Marcos-Duterte. Hindi palaging maghahari ang kadiliman! Napatunayan na ninyo iyan at ng sambayanan.

Kaya, maraming salamat sa sakripisyo ninyo.

Pero higit pa sa pasasalamat, makatitiyak kayo. Magpapatuloy kami. Darami pa kami.

Bibitbitin at panghahawakan namin ang militante at makamasang tipo ng pakikibakang ipinamalas ninyo, higit pa sa panahon ng papatinding pasismo!

Ito ang pinakamataas na antas ng pagbibigay-parangal namin sa alaala ninyo. Ito ang paraan namin upang hindi mabura ang kasaysayang iginuhit ninyo at imbes, maisulat pa ang mga susunod na kabanata nito.

Hanggang sa tagumpay!

Isang Mag-aaral ng PS 21

**Liham M**

Sulat para sa mga Bayani

Hindi marahil naiintindihan ng iba kung gaano kahirap ang ginawa ninyo. Hindi iyon isang maliit na desisyon o pampalipas-oras. Ang paglaban na inyong ginawa para sa kung ano ang tama ay isang panata sa bayan at ating mga kababayan.

Ngayong nasa ikalimampung anibersaryo tayo ng pagdeklara ng batas militar, parang may pagkapait ang aking nararamdaman dahil ngayong taon din ay naging presidente natin ang anak ng isang diktador at ibang klase ang naging giyera natin ngayon laban sa disimpormasyon. Ngunit, isa sa ikinababahala ko ay ang paglimot at pagbago ng kasaysayan ng mga tao upang magmukhang walang nangyaring masama sa ating nakaraan.

Hindi ko lubos maisip na napunta o mapupunta sa wala ang inyong mga ginawa para sa bansang ito dahil sa kasalukuyang nangyayari sa ating bayan. Subalit, gusto ko lamang sabihin na hindi limot at hinding-hindi makakalimutan ng isang ordinaryong mamamayan na tulad ko ang inyong ginawa. Magsisilbi po kayong malaking inspirasyon para hindi ako mawalan ng pag-asa bagkus ay patuloy pang lumaban para sa bansang ito at para sa mga Pilipino.

Mabubuhay ako araw-araw para parangalan ang inyong diwa. Narito lang ang liwanag, kailangan lang natin siyang hanapin at ipaglaban.

Maraming maraming salamat po at mabuhay kayo!

Ulap

**Liham N**

Thank you to the heroes who fought during the Marcos dictatorship and continue to fight despite the country's political climate. The consequences of your actions and decisions during this time must have been difficult and should not be forgotten. I hope you continue to find the strength to wake up and rise again, not only for the sake of the country, but also as an inspiration to the youth to always protect their rights and never forget our country's dark history.

Studying our history is one way to get grounded in our whys, learn from mistakes, and lead the country effectively. And with living proofs like you, it is enough to continue clamoring for good governance. As an Iskolar ng at Para sa Bayan, it is one of my responsibilities to acquire the skills that I need to contribute, study to the best of my ability, and enjoin the nation in amplifying the advocacies that the masses are fighting for in whatever ways I can. That is why, at this time, it is especially important to work together to ensure that such events do not occur again, to promote academic freedom, and to combat disinformation, particularly among the youth.

In these trying times, I hope that you can find the courage and hope to fight for our freedom and rights with the youth. Let us keep the spirit alive and lead our country to a brighter future, not just for the current generation but for our successors as well. The fight does not end here. #TuloyAngLaban

An Iskolar ng Bayan

**Liham O**

Mahal na kasama,

Kumusta na? Nawa'y nag-aani kayo ng tagumpay diyan sa gawaing masa kasama ang mga magsasaka.

Marahil, nabanggit na sa mga pag-aaral na lipos ang mundo ng mga kontradiksiyon, gaya ng makauring tunggalian. Dagdag pa, minsan ding sinabi ni Marx na umuulit ang kasaysayan—una bilang trahedya, pangalawa bilang komedya. Matapos ang 50 taon nang ipataw ni Marcos, Sr. ang Batas Militar, tila komedya ring nakapanumbalik sa poder ang kaniyang pamilya at anak na si Marcos, Jr. Maraming nagtatanong kung saan nga ba tayo nagkulang? Bakit nakabalik pa ang minsang pinalayas na?

Singkuwenta. Masyadong matagal o bubot pa at nagpupunla? Siguro, depende sa konteksto. Ang tagal na 50 taon ay patunay ng katuwiran ng ipinaglalaban. Gayundin, hindi pa rin makamtan ang ganap na tagumpay dahil nagpupunla pa rin sa buong kapuluan.

Kagaya ninyo, marami ang nangangarap sa isang lipunang negasyon ng kasalukuyan. Sino ba naman kasing nanaising manatili sa lipunang lipos ng paghihirap dahil walang makain, mahal ang matrikula, walang lupa at trabaho, at walang kapayapaan. Kaya, sa panahong pilit na binabaligtad at dinedemonyo ang inyong pagkamartir, tungkulin sa aming patuloy na mangarap at panghawakan na posible ang mundong tila imposible.

Bago ko sarhan ang liham, hayaan ninyo akong papurihan kayo at ang inyong mga alaala. Mga martir kayo ng sambayanan, alam ba ninyo? Nakatala na kayo sa mga kasaysayan. Laging inaalala, hindi namamatay. Sabi nga ng isa sa paborito kong makata, kayo'y mga namatay na naging imortal sa tula. Para kayong talang gabay sa karimlan ng malakolonyal at malapiyudal na lipunan.

Sa ngayon, tuloy pa rin ang aming pagsagot sa mga tanong na marahil ay pinagkunutan na rin ninyo ng noo. Hanggang dito na lang muna ang sulat habang hinahanap pa rin namin ang mga sagot. Subalit saanman kayo naroroon, hiling ko ay magsama-sama tayo sa paglikha ng kasaysayan hanggang sa ganap na tagumpay!

Kasama sa pakikibaka,
Gelo

**Liham P**

Limampung taon. Limang buong dekada, kalahating siglo. Sa pang-araw-araw pa lamang ay tila walang katapusan na paghihirap at pasakit ang kailangang indahin ng karaniwang Pilipino, sa harap ng walang-pakundangang pagpihit ng orasan. Kaya hindi ko po masimulang mawari kung gaano kabigat ang kahabaan nitong panahon, hindi lamang sa inyo kung hindi sa inyong mga mahal sa buhay. Limampung taon na ang nakalipas simula nang ideklara ang Batas Militar, at hindi na mababawi ang oras na ito.

Sa aking kabataan, narinig ko lamang po ang inyong mga pangalan mula sa mga guro ko sa Kasaysayan at Araling Panlipunan. Hanggang ngayon ay malaki ang aking pasasalamat dahil kahit papaano ay mayroong mga nakatatandang hindi ako hinayaang makalimutan ang nakaraan, at sa halip ay ibaling ang aking tingin tungo sa memorya nito. Ngunit alam ko pong hindi lahat ay may pribilehiyong makapag-aral, o magkaroon ng mga tagagabay na maituturo ang kahalagahan ng pagbubukas ng diskusyon ukol dito. Hanggang ngayon po ay kolonyal, komersiyalisado, at anti-demokratiko pa rin ang pagpapatakbo sa mga paaralan; katapat ng pagsusumikap na mamulat ang mga masa ay ang pagsusumikap ng mga maykapangyarihang panatilihin ang bulok na kalagayan ng lipunan.

Habang isinusulat ko ang liham na ito ay bumabalik po sa aking isipan ang mga naidokumentong kuha ng mga protesta noong panahon ng Batas Militar. Sa mga librong ginamit namin noong elementarya at hayskul, black and white ang mga larawang ng mga pangyayaring ito—lumilitaw na napakalayo mula sa aming henerasyon. Ngunit marami rin sa mga bidyo na aking napanood ay may kulay. Malinaw kong naaalala ang mga estudyanteng katulad ko, at kung paano sila sinalubong ng kapulisan at militar sa kalsada. Nakita ko po ang agresibo at marahas na pagdispersa sa mga nagpoprotesta, kabataang nalalapit sa aking edad, na walang dalang armas, walang proteksiyon laban sa pang-aabuso. Kahit po ang eksenang ito ay piraso lamang ng inyong reyalidad. Marami pa pong boses ang pilit na pinatahimik. Marami

pa po ang hindi pa nakakauwi.

Gaya ng sabi nila, siguro nga po ay mahabang panahon ang 50 taon. Pero ang katunayan ay hindi nabubura ng kahabaan ng panahon ang bakas nitong inhustisya sa kasalukuyan. Naririto pa rin ang latak ng lasong ibinuhos, ang ugat ng panlipunang kanser na itinarak at napasailalim pa ng mga nakaraang administrasyon. Kami po ay produkto ng kahapon kung kailan kayo nabuhay, at ang kahapong ito ay sariwa pang sugat na hindi hinahayaang maghilom—bagkus ay nabubuksang muli sa bawat diktaduryang nananatili sa pwesto. May kalansay ng takot na namumuo sa aking mga kalamnan na ang lahat ng ito'y hindi matatakasang kapalaran. Ngunit lagi't lagi, nasusundan ito ng isang paalala kalakip ang inyong mga dinanas at sa halip na mabalot sa takot ay mas nananaig ang galit. Limampung taon na simula nang ideklara ang Batas Militar. Hindi na maibabalik ang mga nag-aalab na puso, matatalas na isip, at matang nakatinging malayo sa hinaharap. Sa kabila nito, naabot pa rin po ninyo ang sumunod at susunod na salinlahi, dahil ang aming mga karapatan, ang aming buhay, lahat ito ay inyong ipinaglaban.

Kung masisilayan po ninyo ang Pilipinas ngayon, sigurado akong higit pa sa dismayang maaari ninyong maramdaman, matatanaw pa rin ang pag-asang patuloy na binibigyang-buhay ng bawat hanay ng masa na lumalaban hindi para lamang sa sarili, kung hindi para sa bayan. Nakikita ko po ang tiyaga at sigasig ng aking kapwa-estudyante, kabataan, mga magsasasaka at manggagawang nakapaligid sa akin, at ito rin ang nakapagbibigay sa akin ng lakas upang makapagpatuloy.

Kaya kung may nais man po ako sa inyong maipaalam, ito po ang katiyakang hindi pa po natatapos ang paglaban. Higit po sa mga numero, higit po sa inyong mga pangalan, dala namin ang inyong alaala, ang itinanim ninyong mga punla na sisibol at magbubunga sa ilalim ng sikat ng araw, malaya mula sa mga sulok na pilit ikinukubli sa kadiliman.

Isang Iskolar ng Bayan